1

"Welcome to our new home!" buntong-hininga ni Cassie habang pinagmamasdan ang loob ng maliit na rental house.

"But, Mom, the house is small," reklamo ng kanyang five-year-old son na si Kevin habang hawak nito ang basketball. He was comparing it to their old house.

"It will do for now." Hindi na niya pinansin ang busangot nitong mukha.

Mayamaya ay tumakbo ang kanyang anak sa tapat ng bintana.

"Wow! Mom, look! There's a park two houses away from our house!" tili nito. "Puwede ba akong maglaro doon?"

"No, Kevin. I still have to fold our clothes. We'll go there after I finish," aniya habang isa-isang dinadala papuntang kuwarto ang mga kahong may laman.

"But, Mom, why can't I go there now?" reklamo ni Kevin habang sinusundan siya nito.

"Dahil baka saan ka pa mapunta!" turan niyang

pinandilatan ito.

Napayukong sumalampak tuloy ito sa sahig. Nakakunot ang noo nitong nakatitig sa bolang hawak.

Nilapitan niya ito. “Huwag kang mag-alala, Kevin, pupunta rin naman tayo sa park. Itutupi ko lang ang mga damit natin,” mahinahong saad niya habang hinihimas ang ulo nito. “It won’t take long.”

Tumangu-tango lang ang bata bilang tugon. He had a reputation of being mischievous, kaya walang tiwala si Cassie na hayaan na lang itong lumabas nang basta-basta.

Isa-isa na niyang inilabas mula sa kahon ang kanilang mga damit upang tupiin.

God is with you, Cassie, sa kabila ng mga pinagdaraanan mong problema, encourage niya sa sarili. *Even if the waters get deeper, He will not let you drown.* Tears started streaming down her cheeks.

Napaiyak na naman siya nang maalala ulit ang mapapait na pangyayari. Nabaril ang asawa niya kasama ang mistress nito. Now she was left to raise up her son alone. To avoid gossip, they had to move to another place.

Biglang nag-flash sa kanyang isipan ang sinabi

ng kanyang kaibigan na si Aira. "*We face consequences in life because of our sins.*" Her friend was right, but it was too late for regrets now....

Five days ago…

"Gusto ko nang magpakamatay!" desperadong sigaw niya.

"Huwag mong sabihin iyan, Cassie!" ani Aira habang pinapakalma siya. Niyakap siya nito nang napakahigpit. "Always remember, God loves you! Don't you ever give up!"

Hinayaan muna siya nitong umiyak nang umiyak.

"Cassie, suicide is never a solution to a problem," malumanay nitong wika nang kumalas siya sa kaibigan. "We all make bad decisions, but you always have to choose to go on with your life. Lalo na't may anak ka." Hinahawi ang ilang hibla ng buhok na nagkalat sa kanyang pisngi.

"P-pero hindi ko alam kung papaano," nanginginig niyang sambit. "I don't even have a house or a job. Even my grandfather disowned me," nanghihina niyang dagdag.

"Don't worry, I'm here, Cassie. I will help you."

Napabuntong-hininga siya nang maalala ang

nakaraan. Inalok siya ni Aira na tumira muna sila sa rental house ng kapatid nitong pastor. Libre ang kanyang renta hanggang sa makahanap siya ng trabaho. Madali lang iyon dahil nakatapos naman siya sa kolehiyo. Iyon nga lang, maaga siyang nakapag-asawa dahil nabuntis siya.

Mabilis na lumipas ang mga minuto. Tatlong shirts na lang ang kailangan niyang tupiin at tapos na siya.

"Kevin, get ready! I'm almost done!" aniya sa anak. There was no response. "I said we're about to leave now, Kevin." Wala pa rin siyang narinig na sagot.

Baka nakatulog na siya sa living room, sabi ni Cassie sa sarili. Pagpunta niya roon, wala ang bata. Bumilis bigla ang tibok ng kanyang puso dahil sa kaba. *Where could he be?* Ilang beses niyang tinawag ito pero wala pa ring tugon.

Walang anu-ano ay marinig niya ang tinig nito mula sa labas. It seemed like a cry for help. It was coming from the park! Bigla siyang napakaripas ng takbo.

Laking gulat niya nang makarating siya roon. Sa harap ni Kevin ay may isang malaking Labrador.

Kagat-kagat nito ang bola ng kanyang anak. Ilang saglit ay binitiwan ng hayop ang bola at tumingin sa bata. It made a low growling sound.

Mukhang si Kevin naman ang balak nitong gawing next meal.

Dahan-dahan itong lumapit sa kanyang anak, ignoring her presence. Hindi na siya nagdalawang-isip pa. Hinarang ni Cassie ang kanyang katawan sa pagitan ng aso at ng anak.

"Hey! Where the heck are you going, Suzzie?" iritableng wika ni Dwight habang hinahabol niya ang alaga. *I wonder what provoked her to run away?* aniya sa sarili.

Kumawala na lang kasi itong bigla at lumiko derecho sa park. Hayun at putol na leash na lang ang hawak-hawak niya. He wasn't too worried, harmless kasi ang kanyang aso. Still, he had to find out the cause of its unusual behavior, kaya kaagad niyang sinundan iyon.

He got to the park just in the nick of time. Susunggaban na sana nito ang babaeng nakatalikod na nakabunbon ang buhok at nakasuot ng maluwang na shirt. May yakap-yakap itong batang lalaki.

Tinawag niya kaagad ang pangalan ng alaga.

"Suzzie, behave!" sita niya rito, sabay pito. Napalingon ang aso sa kanyang direction at kaagad na lumapit, wagging its tail playfully. "You bad girl. Remember, you don't own this park!"

The dog started licking his face na para bang nagsasabi ng, *I'm sorry.*

"Sige, you're forgiven," natatawang wika niya, sabay himas sa ulo nito.

Biglang naalala ni Dwight ang babae at batang lalaking magkayakap sa kanyang harapan. Nakadama tuloy siya ng awa kaya nilapitan niya ang mga ito.

"Hey, are you guys okay?" His voice was full of concern.

There was no response.

"I'm sorry if my dog scared you. Hindi naman niya sinasadya iyon. I think she was just kind of upset to see strangers here in her favorite park," paliwanag niya.

Nakita niyang unti-unting kumalma ang paghinga ng babae. Mayamaya, kumalas ito sa pagkakayakap sa bata. He felt relieved when he saw her stand up.

"Hey, are you new here?" tanong niya rito. "Parang ngayon ko lang kasi kayo nakita dito sa park." He extended his hand toward her. "By the way, my name is—"

"Wala kaming pakialam sa pangalan mo!" angil ng estranghera nang bigla itong humarap sa kanya. "Alam mo bang muntik na kaming mamatay dahil sa aso mo!"

Napanganga si Dwight. He was expecting to see someone in her forties dahil sa hitsura ng buhok at shirt nito. To his amazement, the lady was in her mid-twenties. Nahigit niyang bigla ang paghinga nang magtama ang kanilang mga mata. Her almost onyx-colored eyes were so expressive and attractive to look at kahit pa nanlilisik ito sa galit. Her black eyebrows formed a cute arch design nang magsalubong ang mga…

Hindi na niya natapos ang pagsusuri sa napakagandang mukha nito. Bigla na lang siyang inirapan nito at tinalikuran habang karay-karay ang bata.

Nagkatinginan na lang tuloy silang dalawa ng kanyang aso.

"Wow, will I ever see her again?" namamanghang

wika ni Dwight kay Suzzie habang nakadapa ang hayop sa damuhan. May napansin siyang bagay malapit sa kanyang aso at yumuko upang pulutin iyon. Pinagmasdan niya iyon at napangiti.

———————

Tatlong araw nang nawawala ang susi ng bahay ni Cassie. Malakas ang kanyang kutob na nahulog iyon sa park, ngunit ayaw naman niyang hanapin ito roon dahil baka magkita pa sila ulit ng amo ng malaking Labrador. Alam niyang hindi nito sinasadyang pakawalan ang aso, pero ano ang magagawa niya? Sa sobrang takot niya, ito tuloy ang napagbuntunan niya ng galit. Hindi tuloy siya pinatulog ng kanyang konsyensya sa unang gabi nila ni Kevin sa bago nilang bahay. She was worried also dahil sa duplicate key na nawala. Baka may makahanap ng susi at magkamaling gamitin iyon upang looban sila ng bahay.

Cassie, you worry too much! sita niya sa sarili. *By the time na may makahanap ng susi na iyon, your door would have had a new doorknob already.*

Napakaaga niyang gumising kaya naisip niyang diligan muna ang Bermuda grass na nakapaligid sa kanyang bahay. Dahil wala siyang makitang hose ay pinagtiyagaan na lang niyang gamitin ang tabo at

balde.

Sana matanggap na ang aking resumé para makapagtrabaho na ako, aniya sa sarili habang nagdidilig.

"Hi!" masiglang bati ng isang pamilyar na tinig habang nakatalikod siya. Natarantang bigla ang tibok ng kanyang puso pati na ang daloy ng dugo sa kanyang utak. She knew it was the guy at the park. She didn't know whether to face him or to run back inside the house. She chose to do the first.

Dahan-dahan siyang humarap sa lalaki na may kasamang aso. Dahil sa kalumaan at sira ng door gate ay di na niya namalayan ang pagpasok nito sa loob ng bakuran. He was standing very near her, kaya kitang-kita niya tuloy ang magandang kulay ng mga mata ng kaharap pati na ang mahahaba nitong pilik. Pakiramdam niya ay kumawala lahat ng paru-paro sa kanyang tiyan at siya ay nanghina. Ngayon lang niya napansin na napakaguwapo pala nito. She had to try her very best not to blush while he was staring at her.

"Hi," aniyang tipid ang ngiti.

"So you live here?" anito habang pinagmamasdan ang lumang bahay.

Tumango si Cassie.

Muli itong bumaling sa kanya.

"By the way, my name is Dwight," anito while extending his right hand.

She held out her hand in response. "I'm Cassie."

Pareho silang nagkatinginan nang magsalikop ang kanilang mga kamay. Both felt a surge of electricity passed through their hands. Kaagad naman niyang kinalas ang kanyang kamay. Napansin niya ang pasimple nitong pagyuko sandali na may kasamang very attractive na ngiti.

"I want to say sorry about what happened a few days ago," anito with a sincere voice. "How's your nephew doing?"

"He's doing okay," she answered reluctantly. Hindi niya alam kung bakit, pero hinayaan lang niyang isipin nito na pamangkin niya si Kevin.

"By the way, I'm sorry for yelling at you," pahabol niya. "Nadala kasi ako sa aking emosyon," nahihiyang dagdag niya.

"It's quite understandable," he replied with an attractive smile.

Hindi niya maiwasang hindi kiligin sa nakakatunaw na ngiti ni Dwight.

Bumaling itong bigla sa hawak niyang balde at tabo.

"Don't you have a hose and a water sprinkler? Aabutin ka nang siyam-siyam kung iyan ang gagamitin mo."

Umiling-iling siya. "Actually, we had just moved in here the day we first met. I haven't had the time to go shopping to buy some things that I need for the house."

"Well, I have an extra hose and a sprinkler na puwede mong hiramin kung gusto mo."

"Hindi, 'wag na lang. I can manage," tanggi niya. "Besides, maiistorbo lang kita. I think you were about to go to the park, right?"

"Huwag kang mag-alala. There's no hassle," offer nito.

Hindi na siya muling tumanggi. Nag-e-enjoy kasi si Cassie sa pag-uusap nila.

"By the way, puwede ko bang iiwan muna si Suzzie dito? Mas madali kasing tumakbo kung wala akong kasamang aso na hinahawakan," paliwanag nito.

"Ha? Eh, kasi..." It was obvious that she was still

afraid of the dog.

"Huwag kang mag-alala. Hindi ito nangangagat." Hinila nito papalapit ang aso sa kanya. "Here, extend your hand to her," malambing na banggit nito. Parang hinaplos ang tainga niya sa narinig.

Kahit na nag-aalangan, tumalima siya dahil na rin siguro sa boses nitong malamig sa pandinig. She was shocked to see the dog licking her hand playfully. She started to relax.

Mukha ka lang palang matapang, eh. But you're such a sweetheart deep inside, isip niya.

"Here, try to pet her," said Dwight while placing her hand on Suzzie's head. Nahigit na naman ang kanyang paghinga dahil sa pagtama ng kanilang mga balat. Pinilit niyang mag-focus sa aso kahit na nagsimula na siyang mag-blush nang todo. Kumawag-kawag naman ang buntot nito sa tuwa.

"You be a very good girl while I'm gone okay," anang guwapong binata habang hinihimas ang tainga ng aso. "I'll be back in just a few minutes." After that, he left.

Napagmasdang mabuti ni Cassie ang athletic body ni Dwight sa suot nitong cycling shorts at fitted shirt bago ito naglaho sa kanyang paningin. Suddenly,

she felt strange at lihim siyang napangiti.

———————

"O bakit ang bilis mo yatang umuwi?" nagtatakang tanong ni Carmen, ang kanyang ina na nasa edad na cincuenta y cinco. "And where's Suzzie?"

Mabilis na naglaho si Dwight sa harapan nito. Mayamaya ay lumitaw siya na may bitbit na hose at sprinkler.

"Para saan 'yan?" usisa nito.

"Mom, I left Suzzie at Cassie's house," hinihingal niyang tugon. "I'll explain everything to you later."

"Cassie?" pabulong na ulit nito na tila ba may naalalang bigla. "Is she your new girlfriend?"

"No," natatawa niyang tugon. Ginawaran niya ito ng isang halik saka tumalikod. "I really have to go. She's waiting for me," aniya saka kumaripas muli ng takbo papalabas ng bahay nila.

"Will she be in the future?" tila wala sa sarili na sigaw ng ginang sa kanya.

Lumingon siyang muli. "I don't know… maybe," he replied, flashing a silly boyish grin. Bago tuluyang tumalikod ay kinawayan niya muna ang kausap. "See

you later, Mom!”

Carmen just smiled in response. It’s been a long time since huli siya nitong nakitang masaya. Unti-unti namang naglaho ang ngiti sa mga labi nito as she stared off into space.

Dwight was the youngest of three siblings, born and raised in the U.S. After his parents got a divorce when he was in elementary, pinili niyang tumira kasama ang kanyang Filipina mother sa Pilipinas. His two brothers, on the other hand, stayed with their American father in the U.S. Sa lahat ng magkakapatid ay si Dwight ang pinakamalambing, kaya his mother adored him so much. He kept in touch with his father and brothers through e-mails or they would sometimes chat on *Skype*.

He graduated *cum laude* in his medical course. He was a pediatrician by profession. Nang makapagtrabaho na siya, he started to invest his money on stocks until he was able to buy some business properties.

2

"Mabait ka naman pala, eh," sabi ni Cassie habang hinihimas-himas ang tainga ng aso ni Dwight habang hinihintay niyang bumalik ang lalaki. After fifteen minutes, dumating na rin ito.

"Here's the hose and the sprinkler," anito na humihingal.

"Nakakahiya naman sa iyo. Napagod ka pa tuloy," nahihiyang sabi niya matapos tanggapin mula rito ang mga dala nitong gamit. Naiilang man siyang tingnan ang lalaki ay napansin niya pa ring kahit na puno ng pawis ang mukha at katawan nito, hindi pa rin nabawasan ang kaguwapuhan ng kaharap.

"Just consider me as one of your friendly neighbors," nakangiting tugon nito.

"Thanks," aniyang pinipilit na hindi magpaapekto sa mga ngiti ng lalaki.

Mayamaya ay nilapitan nito si Suzzie at lumuhod.

"Are you ready to go to the park?" anito sa aso. It playfully licked his hand as if saying yes.

Tamang-tama naman, kagigising lang ni Kevin,

at nang marinig nito ang boses ni Dwight kaagad itong lumabas ng bahay. Nakatalikod si Dwight nang makita ito ni Kevin. Natuon ang atensyon nito sa kulay mais na buhok ng una.

"Dad? Is that you?" gulat na tanong nito sa binata. He squinted.

Nagmistulang tuod si Cassie sa sinabi ng kanyang anak. Sobrang magkahawig kasi ang kulay ng buhok at pangangatawan ni Dwight sa namayapa niyang asawa. Even their body frames were similar to each other kaya hindi niya masisisi ang bata kung napagkamalan na daddy nito si Dwight.

"Nope," tugon ng lalaki matapos humarap kay Kevin. "It's just me, Dwight, your friendly neighbor." Hinimas pa nito ang malambot na buhok.

Nagtatakang nagkatinginan silang dalawa dahil sa hagikgik ng bata.

"What's so funny, little man?" he asked Kevin with an amused grin.

"S'abi mo kasi, *friendly neighbor."* Sinundan nito ulit ng tawa. "Si *Spider-Man* ka ba?" He flashed his teeth.

"Puwede, if you want me to," anitong nakatawa.

Nag-isip saglit si Kevin. "Ayoko. Hindi mo naman siya kamukha, eh. Mas malaki ang mga muscles mo kasi. Mas kamukha mo si *Superman*. 'Tsaka—"

Bigla ay hinila ni Cassie ang anak, kaya naputol ang sasabihin nito. "Kevin, Honey, Dwight still has many things to do. And you have to take a shower also."

Sumimangot bigla ang bata. Para namang kinurot ang kanyang puso sa naging reaksyon nito. It was the very first time she saw him laughed freely again. Naging traumatic kasi kay Kevin noong maghiwalay ito at ang Amerikanong ama two years ago. The next time Kevin saw his dad was during his funeral. Magmula noon ay hindi na niya narinig ang masayang tawa nito. Hanggang ngayon…

Third year college siya nang makilala niya si Dick Coon, ang ama ni Kevin. They met at a bar, during a birthday party of one of her friends. It was love at first sight for the both of them. Their relationship later resulted in early pregnancy. Buti na lang at pinakasalan siya nito a few months later.

Dick was on a six-month vacation in the Philippines when they first met. He came to spend some time with his mom and some close friends who lived in the Philippines. Pagkatapos ng kanilang kasal

ay hindi rin nagtagal si Dick dahil bumalik ito sa U.S. upang maging bahagi ng military. He only came to see her during his free time. When she gave birth to Kevin, he was not there. Umuwi man ito sa Pilipinas ay minsanan lang.

The marriage only lasted for a few years dahil sa malaking pagbabago ni Dick. He became alcoholic at nananakit pa kung minsan. Pero ang pambababae nito ang tuluyang nagtulak kay Cassie para makipaghiwalay rito.

Ang pagtikhim ni Dwight ang siyang bumasag sa sandaling katahimikan sa kanilang paligid.

“Hey, little man, don’t fret,” aliw nito sa batang nakabusangot. “Maybe we can go out one of these days and have some fun.”

“Really?” sambit naman ng bata. His little face lit up.

“Yeah, sure. Just don’t forget to listen to your mom, okay?” anitong hinimas ang ulo ni Kevin. “So we won’t get in trouble,” pahabol nito na may kasamang kindat.

Tumangu-tango ito saka bumaling sa ina.

“Okay. I’m going to take a shower now,” anitong

naka-thumbs up at may malawak na ngiti sa mga labi, pagkuwan ay patakbong pumasok sa loob ng bahay.

"Sorry if I took much of your time," paumanhin ni Cassie kay Dwight. "Makulit lang talaga ang batang iyan."

"It's okay, I don't mind, anyway." Napatingin ito sa wristwatch. "Well, I have to go now." She could sense in his voice that he wanted to stay longer. "I still have to take Suzzie to the park, baka kasi magtampo ito."

Isang tango at simpleng ngiti ang kanyang isinukli rito.

Bumuka ang mga labi ng lalaki na tila ba may sasabihin, pero hindi na natuloy iyon. He just stared at her as if she was a poster picture on the wall.

"Yes?" naiilang niyang tanong dahil sa pagkakatitig nito sa kanya. If he stared at her a little longer, she would turn red as an apple. At iyon ang ayaw niyang mangyari. Kung attracted man siya sa binata, hindi niya gugustuhing malaman nito iyon.

"Sorry, I didn't mean to stare. I was just wondering if you are free this Saturday. Maybe we could go out for coffee or something?"

"You mean with Kevin?"

"Yeah, with your nephew."

"Yeah, sure… *with my nephew*," marahang sabi niya na tila wala sa sarili.

"Okay, great. Can I pick you up at three p.m. then?"

"Sure."

"Okay. See you then." Tumalikod na si Dwight at hinila ang alaga. Bago lumayo ay lumingon ito sa kanya at kumaway. Pakiramdam ng dalaga ay pasimpleng lumundag ang kanyang puso.

———————

"Mom, is Dwight coming?" di-mapakaling tanong ni Kevin sa kanya. Kanina pa ito excited sa paghihintay.

"Kevin, I want you to call him 'Tito Dwight'. Don't call him 'Dwight', mas matanda siya sa iyo. Show some respect, okay?" marahang sita niya sa anak.

"Eh, bakit? Is he my uncle? Why should I call him 'Tito'?" pagtataka nito.

Ngumiti siya. "It's a sign of respect, Son."

Muli itong lumingon sa bintana.

“Hey, Mom, I think we have a visitor,” anito nang makita ang isang itim na kotse. It was a black *Buick Verano*.

Tumayo kaagad si Cassie at sumilip din sa labas ng bintana.

Who could it be? Wala naman kaming kakilala dito.

Mayamaya ay lumabas ang matangkad na pigura ni Dwight. Hindi niya maunawaan kung bakit. Pero naramdaman niyang tumalon ang kanyang puso. He wore a V-necked shirt which displayed his nice sculpted chest and muscles. His black jeans accentuated his long legs.

Kaagad itong pinagbuksan ng pinto ni Kevin. “Hi, Tito Dwight!” anitong sabik na yumakap sa lalaki.

Nagulat naman si Cassie sa inasal ng kanyang anak. He seemed so familiar with Dwight. Dala na rin siguro ng pangungulila nito sa sariling ama.

“Hey, Kevin!” anang binata, sabay yakap din sa bata. “Wow, you look handsome today,” puri nito sa maliit na kausap matapos kumalas ng huli.

“I told Mommy to put gel on my hair to make

it look spikey like yours," masiglang bida nito with a twinkle in his eyes.

Umawang bigla ang mga labi ni Cassie sa narinig. She didn't know how Dwight would react. Sinabi na ng bata na siya ang ina nito. At bakit hindi, totoo naman iyon. Pero bakit gusto niyang maging lihim iyon?

Walang reaksyon mula kay Dwight. It was as if he didn't hear Kevin's comment. O baka naman sinakyan na lang nito ang kuwento ng bata.

"I wanted it to make me look strong. Kasi ganoon ang hitsura ng mga buhok na napapanood ko sa mga movies," dugtong pa ni Kevin, sabay muwestra ng *Superman* pose.

"And why do you want to look strong?" amused na tanong ng binata.

"So I can protect my mom," pagmamalaki nito.

Napahalakhak si Dwight. The familiar sound tickled her ears.

"Let me see your muscles." Hinila nito pataas ang sleeves ng paslit. "Hmm… maliit pa ang muscles mo. I think you need to eat more vegetables and meat para maging katulad n'ung sa akin," biro nito, sabay

flex ng sariling muscles.

His eyes got so big. “Mom, look! Tito Dwight has bigger muscles than I do! ’Tsaka mas matigas ang mga muscles niya kaysa sa akin!”

Nagpatay-malisya na lang sa narinig si Cassie, pilit kinakalaban ang embarrassing moment. Kanina pa siya uneasy dahil para na siyang masu-suffocate sa pabango ni Dwight na tila nagbabadya ng romance.

“Tito Dwight, can you let her touch your muscles? Please,” ani Kevin na halatang manhid sa nararamdaman ng ina nang mga oras na iyon.

Dumagundong bigla ang tibok ng kanyang puso.

God, save me from this embarrassment! Muntik na siyang mamula nang mapansin na nakatitig sa kanya si Dwight, his eyes sparkling with delight.

———————

Relaxed na pinaandar ni Dwight ang kotse sa mabatong daanan. Sa kabila ng maraming lubak at bumps, hindi nawala ang atensyon niya sa katabi, si Cassie. How could he? She was very alluring to look at, and she wasn’t doing anything at all but simply sitting and looking at the beautiful view outside.

He had two words in mind for her, *naturally*

beautiful. Kung tutuusin, walang special sa suot ni Cassie. She wore a simple rose pink baby doll blouse matched with black jeans and white sandals. Her long black wavy hair simply rested on her white creamy shoulders. Very light lamang ang makeup nito. She was naturally beautiful to behold.

Matagal-tagal na rin siyang hindi nakakaramdam ng ganoong attraction sa babae. Compared to his ex-girlfriend, hindi niya maitatanggi na mas charming si Cassie.

"So where do you want to go?" aniyang napasulyap dito upang basagin ang katahimikan sa loob ng kotse.

She just shrugged her shoulders. "Hindi ko alam," mahinhin nitong sagot. She looked so cute and innocent.

Wild as a lion, but now tame as a kitten, aniyang palihim na napangiti nang maalala kung gaano ito kataray noong una silang magkita. Both she and Suzzie were the same. They seemed to project a different nature from what was really deep inside of them.

Sa kabila ng mahinhin at nakangiting mukha nito, he could sense within his heart that she was

hiding something. It was as if she didn't want anyone to be close to her. From time to time he could see sadness in her eyes.

"Tito Dwight, where are we going?" masiglang tanong ni Kevin habang nakaupo sa likod ng kotse. Mukhang bored na ito sa katitingin sa labas ng bintana.

"Saan mo ba gustong pumunta?" aniya rito. The boy seemed to light up the quiet atmosphere in the car. At natutuwa siya roon.

"Can we go to the movies? I want to see *Iron Man*," kaagad nitong tugon.

Halata niyang magpoprotesta si Cassie, kaya mabilis siyang sumingit. "So you like *Iron Man*?" tanong ni Dwight sa bata.

"Yeah! Mommy said we were going to watch *Iron Man* on my birthday, pero naubusan kami ng pera kaya hindi na daw kami manonood. Next time na lang daw kasi gagamitin niya ang inipon niya para makapag-aral ako ng summer class."

Hindi na kailangan ni Dwight na tumingin kay Cassie upang malaman na namumula na ito dahil sa hiya. Patay-malisya na lang siyang nakipag-usap sa bata.

"So when is your birthday?"

"It's today," sabat ni Cassie na medyo nahihiya. Nilingon nito ang anak. "Kevin, we'll watch *Iron Man* next time, okay?" anitong ang mga mata ay tila nanghihingi ng pang-unawa.

"No, it's okay," aniya sa babae, sabay patong ng kamay sa ibabaw ng kamay nito. Sa simpleng gesture, he felt a surge of electricity coursed through his system at mukhang naramdaman din iyon ni Cassie. Binawi niya kaagad ang kamay.

Muli siyang bumaling sa bata.

"Okay, Kevin, since it's your birthday, you win! We're going to watch *Iron Man*!" masigla niyang anunsyo.

"Yahoo!" malakas na sigaw nito, sabay taas ng dalawang mga kamay habang ini-enjoy ang biglang pagharurot ng kotse.

3

I'm freezing here! reklamo ni Cassie sa sarili. She wasn't enjoying the movie at all. Una, dahil sa high level ng temperature ng air-con sa loob ng sinehan at pangalawa, because any *Marvel* superhero reminded her of her diseased husband.

Marvel superhero action figures kasi ang panay natatanggap ni Kevin na pasalubong mula sa ama nito.

Can't I just even have one week without anyone reminding me of him? nguyngoy niya sa sarili habang nanginginig sa lamig.

"G-g-go, *Iron M-Man*! You c-can do it!" cheer naman ni Kevin kahit na nanginginig sa lamig dahil sa ininom na soda.

Maninipis lang na damit ang suot nilang dalawa dahil ang akala niya ay mamamasyal lang sila sa mall. Sa movie theater pala sila babagsak.

Mukhang nakahalata naman si Dwight sa uncomfortable situation ng bata.

"Halika, Kevin, kumandong ka sa akin," alok nito.

Kaagad namang tumalima as if it was a natural thing to do. Inabot naman nito sa kanya ang hawak na soda. Matapos ang ilang minuto, hindi na nagreklamo ang bata. Mukha kasing in-absorb ng mga well-defined muscles nito ang lahat ng lamig sa katawan ni Kevin.

Good for Kevin but still bad for her. Mas lalo kasi siyang gininaw dahil sa hawak na soda.

Ilang saglit ay nawili uli si Kevin sa panonood ng pelikula. Hindi na kasi ito giniginaw.

"Tito Dwight, I can go back to my seat now. I'm not cold anymore," anito saka biglang bumaba at umupo sa chair na nasa gitna nilang dalawa. Lumingon ito sa kanya. "Mom, can I have my soda?"

Tumango lang siya, sabay abot niyon sa anak.

"Mom, your hands are cold," anitong napasinghap. "Baka puwede kang kandungin ni Tito Dwight para hindi ka na ginawin. Look at me, hindi na ako giniginaw."

Gusto ni Cassie na lumindol nang mga oras na iyon para makatakbo siya papalabas ng sinehan. Paano, pulang-pula na siya sa kahihiyan.

"But then, Mom, maybe it's not a good idea na kandungin ka ni Tito Dwight, kasi you are very

big. He might not be able to watch the movie well," inosenteng dugtong nito.

Naubo naman si Dwight na kasalukuyang umiinom ng soda.

"Excuse me, pupunta lang ako sa CR," paalam bigla nito sa kanya. Nabuhusan kasi ng soda ang t-shirt nito.

Parang gusto niya tuloy yakapin ang binata just for saving her from further embarrassment.

Siguro kung naging babae si Dwight, namumula na siya ngayon dahil sa sobrang excitement rising within his system. At para hindi kung anu-ano ang pumasok sa loob ng kanyang isipan ay mas minabuti niyang lumabas at tumungo muna ng CR.

One way to avoid falling into temptation is by avoiding conversations that may lead to lustful thoughts. Iyon ang madalas niyang maalala sa mga reminders ng kanyang old Christian friend na si Mike.

Saglit niyang pinagmasdan ang kanyang mukha sa salamin.

You're a year older now, Dwight. Sino'ng mag-aakala na magkakaroon ka ng magandang date

on your twenty-ninth birthday? aniya sa sarili na napapangiti. Naisuklay niya ang kanyang mga daliri sa kulay mais niyang buhok.

He started as a model way back when he was taking his medical course. Because of his looks, maraming babae ang nahuhumaling sa kanya. Sa kabila ng kanyang kasikatan, mas pinili pa rin niya ang more peaceful life, attending to the needs of his patients, the children.

Siguro iyon na rin ang dahilan kung bakit very interested siya kay Cassie. Hindi man lang kasi ito nagpakita ng kahit kaunting admiration sa kanya, the very first time she saw him. Lalo pa siyang na-attract dito dahil maalaga ito sa sariling pamangkin. Naisip niyang matagal nang magkasama ang dalawa dahil 'Mommy' na ang tawag dito ni Kevin.

Walang anu-ano ay nag-ring ang kanyang cellphone. Nagulat siya sa nakitang pangalan sa screen. It was his father. The conversation only lasted a few minutes. but it had a lasting effect on him.

Bumigat bigla ang mukha ng binata nang ibalik niya ang cellphone sa kanyang bulsa.

———————

Tuwang-tuwa na lumabas ng sinehan si Kevin.

Bago sila umalis ng theater ay nagpa-picture muna silang tatlo sa harap ng isang life-size *Iron Man* poster. Kung titingnan ang picture, they looked like one small happy family.

Niyaya ni Dwight ang mag-ina na kumain muna sa isang Chinese restaurant. Kahit na naiilang si Cassie ay nagpahinuhod na rin ito dahil sa pangungulit ni Kevin, na siya namang ikinatuwa niya.

After dinner, they went out for a stroll in the park. Doon mismo sa park kung saan sila unang nagkita. By the time inihatid niya ang mga ito sa bahay, it was already nine in the evening.

"Tito Dwight, thank you very much for taking me out to watch *Iron Man* tonight," magiliw na wika ni Kevin nang tumigil sila sa may harap ng pinto. Mukhang sa dami ng kanilang pinuntahan ay iyon lang ang rumehistro sa munting isipan nito.

"You're welcome," tugon niya rito, sabay kindat.

"Mom, I have to go to the bathroom." Patakbong pumasok ang bata sa loob ng bahay nang hindi man lang nagpapaalam sa kanya. Dalawa na lang silang naiwan sa labas. Pareho silang naghihintayan kung sino ang mauunang magsalita. Finally, Cassie decided to speak up.

"Dwight, salamat. Napasaya mo nang sobra si Kevin sa kaarawan niya," sinserong wika nito.

"Don't mention it," aniya. Natigilan siya habang pinagmamasdan ang magandang kaharap. Mas lalo yatang naging attractive ito dahil sa sinag ng buwan na tumapat sa makinis nitong mukha. He seemed to be mesmerized by her.

Are you waiting for her to kiss you? aniya sa sarili. *But she's not your girlfriend, so just say goodbye to her and stop looking like a fool,* natatawang laro ng kanyang isipan.

"So I guess I'll see you around, one of these days."

"Yeah, sure," marahang sagot nito.

Nahirapan siyang magpaalam dahil sa katititig sa almond-shaped eyes ng babae.

"'Bye!" napilitan niyang sabi makaraan ang ilang sandali.

"Goodbye!" tipid nitong tugon.

Lumakad na siya pabalik sa kanyang kotse. When he looked back, she was still standing there. Isang matamis na ngiti ang iniwan nito saka pumasok sa loob ng bahay.

At that moment, Dwight felt like butterflies were flying wildly in his stomach. *And it was a pleasant feeling indeed!*

———————

"Mom, do I have to go to school?" nagmamaktol na tanong ni Kevin sa ina.

First day ng summer class at pareho silang naglalakad na mag-ina sa gilid ng kalsada. Medyo malayo ang school nito, ngunit para makatipid ng pamasahe ay naglakad na lang sila habang wala pa siyang nahahanap na trabaho.

"Kevin, everyone has to go to school," malambing niyang tugon. "Akala ko ba patatayuan mo ako ng mansion paglaki mo? Paano mo gagawin 'yun kung hindi ka mag-aaral? Marunong ka dapat magbilang para magsukat ng bahay."

"Eh, di playdough na lang ang gamitin ko para gumawa ng bahay," nakangusong sagot nito.

Isang malakas na busina ang umagaw sa kanilang atensyon. It was Dwight. He stuck out his arm and waved.

"Si Tito Dwight!" bulalas nito, sabay takbo sa humintong kotse.

"Kevin!" sigaw niya dahil sa pagkabigla. Buti na lang at walang mga sasakyan nang mga oras na iyon.

Lumabas si Dwight at niyakap ang bata, pagkuwan ay kaagad nitong dinala pabalik si Kevin sa kanya. "Sorry. I didn't think he would run towards me," paumanhin nito.

Napawi ang kanyang pagkairita nang mapatingin siya sa maamong mga mata ng binata. Para itong batang napagalitan na nanghihingi ng tawad. Kinilig tuloy siyang bigla. Dati-rati kasi, siya ang binibigyan ng attention ng mga manliligaw niya at hindi si Kevin. Iyon nga lang sa tuwing nalalaman ng mga ito na anak niya si Kevin, kaagad ding naglalaho ang mga ito.

Iba si Dwight, si Kevin kasi ang focus nito at hindi siya. At least, iyon ang akala niya. Dahil kahit na mahigit isang buwan na silang magkakilala, he still hadn't asked her out on a date, unless may kinalaman iyon sa kanyang anak.

Iyon pa ang isang problema. Sa pagkakaalam nito ay tiyahin siya ni Kevin, at hindi niya alam kung bakit hindi pa rin niya maipagtapat dito ang katotohanan. Siguro ay natatakot siya na ganoon din ang maging reaksyon nito tulad ng iba niyang manliligaw. So what? Sanay naman siya sa ganoong mga reaksyon.

Pero iba ngayon kasi pakiramdam niya ay special ang binata sa kanyang puso.

"Cassie?" Ang boses ng binata ang tila pumutol sa kanyang malalim na pag-iisip.

"I-it's okay. Wala namang nangyaring masama," mabilis niyang tugon.

Nakakahiya! I was daydreaming in front of him! Bumaling siya muli sa anak. "Kevin, pag inulit mo pa iyan, makakatikim ka talaga sa akin!" mahigpit niyang paalala. Nahihiyang tumango ang kanyang anak.

"Saan kayo papunta?" naitanong ni Dwight.

"Ihahatid ko si Kevin sa school."

"Oh, really? Ihahatid ko na lang kayo. Papuntang work na rin naman ako," offer nito.

"Hindi na! Makakaabala pa kami," tanggi niya.

"Sakay na tayo, Mommy. Sumasakit na ang legs ko, eh," reklamo ni Kevin.

"Come on, it won't be any trouble at all," masuyong sambit nito with a smile na tila ba nanghi-hypnotize.

"S-sige na nga," aniyang umiiwas ng tingin dito

na para bang nanghihina. Para kasi siyang sinisilaban sa paraan ng pagtingin nito.

"Yes!" sigaw naman ni Kevin.

Sabay-sabay silang pumasok sa loob ng kotse at mayamaya ay pinaandar na iyon ni Dwight.

———————

"Dwight Carson, is that love in your eyes?" biro ng ina habang umiinom ito ng kape nang umagang iyon. Kapansin-pansin kasi ang pagiging inspirado niya nitong nakalipas na mga linggo.

Buti na lang at nawala na rin ang pagiging aloof niya sanhi ng sudden break-up nila ng kanyang first girlfriend, one year ago. "Ano ba'ng hitsura niya?" curious nitong tanong with eyes gleaming. "Kailan mo ba siya ipapakilala?"

"Mom, she's not even my girlfriend yet. Ipapakilala ko na lang siya pag kami na," natatawa niyang tugon.

"So tama pala ako! In love ka!" tuwang sambit nito. "So tell me something about her," expectant na dugtong nito na parang isang bata.

"Her name is Cassie Coon and she's very beautiful!" ani Dwight, sabay kindat. Wala na siyang dinugtong. "Mom, I have to go now," paalam niya,

sabay halik sa pisngi nito. “Baka ma-late ako sa work if I tell you about my love story. But don’t worry, sasabihin ko sa iyo ang susunod na kabanata,” biro niya rito.

Umalis siya ng bahay nang hindi man lang napapansin ang bigla nitong pananahimik. Ni hindi niya alam na ilang beses nag-replay sa isipan ng ina ang pangalan ng dalaga. Bago siya tuluyang sumakay ng kotse sinilip muna niya ang kanilang mailbox.

Kanina pa malalim ang kanyang iniisip habang nagmamaneho papuntang ospital. Nasa isip niya kasi si Cassie at si Kevin. He was aware of their financial difficulty, kaya siya na ang nag-volunteer na maging taga-hatid ng mga ito tuwing umaga sa school.

Tatlong linggo na niyang ginagawa ito. Ramdam niyang hindi basta-basta tatanggap ng favor si Cassie, kaya idinahilan na lang niya ang kanyang pagpunta sa trabaho tuwing umaga para hindi nito maisip na makakasagabal ang ginagawa niyang paghatid sa kanila.

Lumapad ang ngiti niya nang maalala ang conversation nila kahapon sa loob ng kotse. Namumutla ang magandang mukha ni Cassie sa sobrang kahihiyan.

May assignment kasi si Kevin sa English class; i-paste ang family picture sa notebook. Nakita niya ang larawang naka-paste sa notebook ng bata. Naroon silang tatlo na nakangiti, kasama ang latest member of the family, si *Iron Man*. Base sa pamumula ng mukha at pagsalubong ng mga kilay nito, siguradong mapapalo dapat si Kevin. Buti nga lang at naroon sila sa loob ng kotse kaya hindi iyon natuloy.

"'Wag kang mag-alala, picture lang iyon. Makakalimutan din naman iyon after a few days," pampalubag-loob niya sa babae. Sa kabila ng sinabi niya, naisip ni Dwight na sana naging totoo na lang ang picture na iyon.

"Magsabi ka ng sorry kay Tito Dwight," ani Cassie kay Kevin para turuan ito na hindi mabuti ang manloko ng kapwa.

Napaluhang sumunod naman ang paslit. Alam niyang para kay Kevin it was just a harmless thing, pero para sa kanya ay balak niyang bigyang katuparan ang nasa picture. But for now, he planned to take it slow.

———————

Tama nga si Aira, ginaya lang ako ni Kevin. Wala akong karapatan na pagalitan siya kung pareho lang

kami ng ginagawa, isip niya habang inaalala ang pag-uusap nila sa phone kanina. Hindi pa rin niya kasi inaamin kay Dwight na anak niya si Kevin.

Nag-flash bigla sa kanyang isip ang verse na ibinigay ni Aira matapos niya itong tinawagan kanina. *Luke 6:42…You hypocrite, first take the plank out of your eye, and then you will see clearly to remove the speck from your brother's eye.* Natigilan siyang saglit at napaisip nang malalim. *Am I a hypocrite like my ex-husband?*

Ilang taon siyang kasal sa namayapang asawa, pero hindi man lang niya namalayan ang pagiging unfaithful nito dahil minsanan lang sila magkita noon?

Cassie, the truth will set your free, wika ng kanyang utak. *Sabihin mo na kay Dwight ang lahat, while you are still on the friendship stage*. Napangiti siya. *Bakit, mag-e-evolve pa ba ang relationship namin beyond that stage?* Natawa siya sa naisip. Pero tama nga si Aira, whether in friendship or being lovers, complete honesty is in order for a relationship to last.

Paano kung iwasan niya ako pagkatapos kong umamin? anang utak niya.

Well, at least, nalaman mo nang mas maaga na

he's not worthy of your love, not worthy of you and Kevin. Dapat complete package ang pagtanggap niya sa inyo, tugon naman ng kanyang puso.

Was she willing to take the risk or continue the deception? *Wala namang na-bless dahil sa pagsuway sa salita ng Diyos.* She knew it was true. Kung naging panuntunan niya ito, hindi sana siya mabubuntis out of wedlock at hindi sana siya mapupunta sa lugar na iyon kung kinain na lang niya ang kanyang pride at nanghingi siya ng sorry sa kanyang lolo.

But I wouldn't have met Dwight if that did not happen, di ba? kontra ng puso ni Cassie.

"I guess it's true that all things work together for good…" she muttered to herself. "Hay, sana naging katulad na lang ako ni Aira." Ang best friend niyang Kristiyano ang tinutukoy niya. Napabuntong-hininga siya nang malalim.

I surrender, God! Please help me fix this mess! usal niya.Nakapagdesisyon na siya na magsabi ng totoo. Bahala na kung anong consequences ang kanyang haharapin. Tumambad bigla sa kanyang isipan ang guwapong imahe ng binata. Pinamulahan tuloy siya ng mukha.

Does he really have to know the truth?

nanghihinayang na isip niya. Tumungo na siya sa eskuwelahan upang sunduin ang anak. Nabale-wala naman sa kanyang isip ang sariling problema nang makita niya ang lukot na mukha ni Kevin paglabas nito ng classroom.

"Are you sick, Honey?" may pag-aalalang tanong niya rito, sabay lapat ng palad sa noo nito.

"Mom," anitong maluha-luha habang inilalabas ang sariling notebook at iniabot sa kanya. Ang picture nila with Dwight and *Iron Man* ang unang tumambad sa kanyang paningin. At the bottom was a note:

Next week, on Friday show and tell topic: Like father, like son.

Muntik na siyang mahimatay!